United Pentecostal Church Intl     Mayo 2024

**Magdasal, Ayon sa Kalooban ng Diyos**
Isinalin sa Tagalog ang akdang ito ni Mary Catherine Beek



Ang ibig sabihin ng salitang pamamahala ay mapapangasiwaan ang isang bagay ng may pag-iingat at pagbabantay.

Kapag sinabi nating meron tayong pamamahala sa isang bagay, magkakaroon ka ng pakiramdam na ikaw ay makapangyarihan. Kung minsan, mahirap para sa atin ang ipasa o isuko ang ganitong klaseng kapangyarihan at awtoridad sa ibang tao. Ito ang masaklap na katotohanan dito sa ibabaw ng mundo.

Bilang tao, hindi madaling isuko ang ating posisyon o ang pagkakaroon ng kontrol sa mga bagay na ating pinapamahalaan. May pagkakataong maiisip mong mas magaling ka pa sa ibang tao o kaya naman ay kayang-kaya mo itong mag-isa ayon sa sarili mong lakas at galing—at hindi kailangan ng tulong at lalong-lalo na hindi kailangang ipanalangin at ihingi ng awa sa Diyos. Maaaring napag-aralan mo ang pagresolba ng mga ganitong problema at nagamay mo na ang makabuo ng solusyon ayon sa sarili mong talento at talino.

Ngunit nais kong ibahagi sa iyo, kapatid, ang aking nasaksihan sa aking buhay na noong ako'y nagsimulang magdasal ng, "Panginoon, hindi ang aking kalooban kundi ang kalooban Mo ang maganap sa aking buhay.", ay nagbigay ito ng kagaanan at kapayapaan sa aking ispirito. Nawala ang mga mabibigat na pakiramdam na dala ng mga problema at para bagang biglang may kakaibang galak ang pumasok sa aking puso't isipan. Aking napagtanto na ang pamamaraan ng Diyos ay higit na dakila sa aking talino, talento, lakas, at galing. Ang kaisipan ng Diyos ay hindi kayang maarok ng aking kaisipan (Isaias 55:8-9). Kailangan nating maunawaan at tanggapin na ang sarili nating paraan ng pamamahala sa ating buhay ay hindi mapapantayan ang mga dakilang pangako at plano ng Diyos para sa ating lahat.

Ang isang bersikulo na pinanghahawakan ko ay Kawikaan 3:5-6, *"Kay Yahweh ka magtiwala, buong puso at lubusan, at huwag kang mananangan sa sariling*

*karunungan. Sa lahat ng iyong gawain siya nga'y alalahanin, upang ika'y patnubayan sa iyong mga tatahakin.”*

Ang pagtitiwala sa sarili nating katwiran, kalooban, at pamamaraan ay maghahatid sa atin ng tiyak na kapahamakan. Kailangan nating isuko sa Diyos ang ating emosyon, ang buo nating pagkatao, at ang bawat desisyon na ating gagawin at haharapin. Kilalanin natin na si Hesus ang makapangyarihang Diyos, Siya ang may kakayahang tumugon sa ating mga dasal. Magtiwala lamang sa Kanyang lakas at tayo ay dadalhin Niya sa ligtas at payapang lugar na bahagi ng ating buhay. Sikapin nating magbago ang pamamaraan ng ating pagdarasal, kung saan ay si Hesus ay Siyang maitaas at tayo nama'y maibaba upang ang lahat ng kaluwalhatian ay maibigay sa Kanya.

Kapag tayo ay namuhay ng ayon sa Kanyang kalooban, ang lahat ng kabagabagan, depresyon, kalungkutan, at pagkabalisa ay unti-unting mapapawi ng presensya ng Panginoon. Sa oras na isinuko mo ang iyong buhay sa Diyos ay magkakaroon ka ng pagkakataong mamuhay ng may kapayapaan at pananampalatayang si Hesus na ang namamahala ng iyong buhay. Buksan mo ang iyong puso at papasukin si Hesus.

*“Kaya huwag kayong mag-alala kung ano ang inyong kakainin, iinumin, o susuotin. Ang mga bagay na ito ang pinapahalagahan ng mga taong hindi kumikilala sa Dios. Ngunit alam ng inyong Amang nasa langit na kailangan ninyo ang mga bagay na ito. Kaya unahin ninyo ang mapabilang sa kaharian ng Dios at ang pagsunod sa kanyang kalooban, at ibibigay niya ang lahat ng pangangailangan ninyo.”* (Mateo 6:31-33)

Si Mary Catherine Beek ay ina ng tatlong magaganda at mahuhusay na babae: Cayla (14), Alexa (11) and Isla (1). Siya ay asawa ni Pastor James ng New Life Church sa Glasgow, Scotland. Ilan sa kanyang mga hilig ay maglaan ng oras kasama ng kanyang pamilya, kahit anong tungkol sa kape, mga halaman, at bulaklak lalo na ang Sunflower. Higit sa lahat ay mahal niya si Hesus!

## Ang Pagsusuri Sa Aking Panalangin

Isinalin sa Tagalog ang akdang ito ni Liane R. Grant



Habang ginagawa ko ang artikulong ito ay nagkaroon ako ng pagkakataong suriin ang aking mga tipikal na sinasangguni sa Panginoon sa tuwing ako’y nananalangin. Kung naaayon ba ito sa kung anong sinasabi ng Bibliya tungkol sa kalooban ng Diyos? Sadyang ang pagsusuri sa ating mga panalangin ay magandang pagkakataon na makapagbigay linaw at direksyon sa ating mga buhay Kristiyano. Tignan natin ang ilang bersikulo sa salita ng Diyos patungkol sa Kanyang kalooban at kung paano natin ito magaganap.

(1) Kaya nga, ito ang dapat ninyong sabihin: “Kung loloobin ng Panginoon at mabubuhay pa tayo, ganito o kaya ganoon ang gagawin natin.” (Santiago 4:15)

May palagi akong naririnig na linya ng mga tao sa aking paglaki—“Magkikita tayo

uli't sa susunod na buwan, kung loobin ni Lord!" o kaya naman "Magkakaroon na ako ng bagog trabaho, kung loobin ni Lord!". Madalas ay nauuna ang sarili nating plano at hindi na natin naaalala na isama ang Diyos sa mga iyon. Nagmamadali tayong isa-isang magawa ang ating mga hakbang upang tuparin ang mga sarili nating plano na para bagang isang mahabang listahan na kailangan mong malagyan ng tsek lahat. Paano nga ba magbabago ang ating pananalangin kung ating isasapuso ang sinasabi sa Santiago 4:5 sa bawat simula ng ating araw? Kailangan nating unahin ang kalooban at kaharian ng Diyos sa ating mga plano.

(2) "*Sa ganoon, masaya akong darating diyan sa inyo kung loloobin ng Dios, at makakapagpahinga sa piling ninyo.*" (Roma 15:32)

Kung meron mang may karapatang mapagod sa kanyang mga ginawa—ito ay si Apostol Pablo. Ngunit hindi siya nagreklamo at pinili niya ang mamuhay ng may pagsunod sa kalooban ng Diyos—puno ng galak sa kanyang puso. Naniniwala akong kaya din natin ito, kaya rin nating gawin ang ginawa ni Apostol Pablo. Napakadaling magpadala sa pagod, stress, kalungkutan, at problema na pipigil sa atin para manalangin. Subalit kung maniniwala kang ang mga nangyayari sa iyong buhay na hindi mo na saklaw ay dumaan sa 'approval' ni Hesus, nasa kalooban ka ni Hesus. Gumagalaw ang makapangyarihang kamay ni Hesus sa iyong buhay. Pagsikapan nating malanagin na bigyan tayo ng lakas at tuwa na tanggapin ang kalooban ng Panginoon at manaig ang matibay na pananampalataya hanggang maging buhay na patotoo ang paglagpas sa bawat problema at pagsubok ng buhay. Ang lahat ng kaluwalhatian ay maibabalik natin sa Panginoong Hesus!

(3) "*Huwag ninyong tularan ang mga pag-uugali ng mga tao sa mundong ito. Hayaan ninyong baguhin kayo ng Dios sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong mga isip, para malaman ninyo ang kalooban ng Dios – kung ano ang mabuti, ganap, at kalugod-lugod sa kanyang paningin."* (Roma 12:2)

Tinuturuan tayo ng Bibliya na baguhin ang mga maling nakasanayang gawi sa ating buhay para tayo ay makapamuhay ng may kabanalan at katwiran ng Diyos. Ang kalooban ng Diyos sa bawat isa sa atin ay makitaan tayo ng bunga ng Banal na Ispirito. Kahit anuman ang ating personalidad, kinalakihan o mga karanasan sa buhay, kailangan nating magdasal araw-araw upang tayo ay humulma sa kalooban Niya. At Mabuti ang kalooban Niya, ito ay mabuti, ganap, at kalugod-lugod sa Kanyang paningin.

(4) "*Kaya kayong nagtitiis ngayon, dahil ito ang kalooban ng Dios para sa inyo, ay magpatuloy sa paggawa ng mabuti. Ipagkatiwala ninyo ang sarili n'yo sa Dios na lumikha sa inyo, dahil hinding-hindi Niya kayo pababayaan."* (I Pedro 4:19)

Ito ay hindi madaling isabuhay. Masaya nating naibabahagi sa iba ang kalooban ng Diyos kapag patungkol ito sa pamumuhay ng maginhawa, masaya, at nakakapanabik na mga bagay. Ngunit minsan, kalooban ng Diyos na dumaan

tayo sa pagsubok at problema. Hindi tayo makakapamili kung kailan at kung saan tayo gagawa ng kalooban ng Diyos, kailangan nito ng paninindigan. Paano tayo makakapagpatuloy sa paggawa ng kalooban ng Diyos kung kalalip nito ay pagtitiis? Magagawa natin ito sa pamamagitan ng palagiang pananalangin. Kung ating isusuko ang ating mga sarili sa kanlungan ni Hesus at magtitiwala tayo sa kanya ng buong-buo dahil alam Niya kung ano ang pinakamainam at mahusay para sa atin. Siya ang ating dakilang Manglilikha at Siya ay tapat sa atin. Alalahanin mo na alam ng Diyos ang ating hangganan at patutunguhan. Kapag nasabi at nagawa na ang ang dapat maganap, ang magiging mahalaga na lamang ay maligtas ang ating kaluluwa. Ipanalangin nating ng marubdob sa Panginoon na mapagtagumpayan nating ang mga pagdaraanan nating problema at pagsubok upang makamit natin ang regalo ng kaligtasan.

Ilan lamang ito sa mga salita ng Diyos na magiging gabay natin sa ating pagdarasal ng ayon sa kalooban ni Hesus. Alalahanin natin na ang Diyos sa Langit ay Siyang may Akda ng lahat at mahal Niya tayo ng higit pa kaya nating maarok at maunawaan.

Liane R. Grant ay isang certified English/French translator na may PhD sa Translation. Siya ang may-akda ng maraming libro, katulad ng *Order My Steps* devotional journal at *The 3-Hour Translation Team*. Siya at ang kanyang asawa na si Scott ay metro misyonero sa Quebec City, Canada. Si Liane ay ang founder at Presidente ng Nonprofit Translation Solutions, isang UPCI-endorsed ministry. www.LianeRGrant.com

**Mula sa Editor**
Debbie Akers Robbins



Ang Diyos ay gumagawa ng mga kamangha-manghang bagay!

Marami ng nabuksan na pintuan patungo sa kaligtasan ang Diyos
at ang newsletter na ito ay naisalin na sa iba-ibang wika:
*English, Arabic, Chinese simplified, Chinese traditional, Czech, Dutch, Fijian, Filipino, French, German, Greek, Italian, Japanese, Pijin, Polish, Portuguese, Romanian, Spanish, Sri Lankan, Swahili, Swedish, at Thai.*

**Samahan ninyo kaming manalangin na maisalin pa ito sa mas maraming pang wika!**

Kung nais mong makatanggap ng buwanang artikulo na katulad nito, ipadala ang iyong request sa
LadiesPrayerInternational@aol.com o debiakers@aol.com
At ikalulugod naming ikaw ay mapadalhan!
Visit Ladies Prayer International on Facebook and "like" our page!

Like us on Facebook

Dear Prayer Team Leader, Please visit Ladies Prayer International on Facebook and "Like" our page! Facebook Ladies Prayer International Link

Also, please invite your group to subscribe to this FREE newsletter at: Ladies Prayer International or email request to: debiakers@aol.com

Please share this information with your church, friends and family. Thank you for being a part of this thriving prayer ministry and for helping us spread the word about the FREE newsletter and Facebook page!

Who we are . . . Since 1999: Ladies Prayer Intl. is made up of women worldwide, who meet one day in the first week of each month to unite in focused prayer for their children and the children of the local church and community.

Our Mission . . . We are committed to the spiritual preservation of this generation and beyond and the spiritual restoration of previous generations.

Our Need . . . Committed women who will join together on the first Monday of each month and pray focused prayer for their children.

Three Priorities of Prayer...

- The salvation of our children (Isaiah 49:25; Psalm 144:12; Isaiah 43:5-6).
- That they take ownership of the faith at an accountable age (I John 2:25-28; James 1:25).
- That they enter into the ministry of the Lord's harvest (Matthew 9:38).